Gabay Pangkaligtasan:
Mga bagay na dapat mayroon sa inyong tahanan

1 Smoke Alarm

Magkabit ng *smoke alarm* sa mga kwarto, kusina at sala. Nang-aalerto ito habang maliit pa lamang ang sunog.

2 Fire Extinguisher

Maghanap ng ABC o ABCD na klase ng *fire extinguisher* para sa kusina at gawaan. Alamin kung paano gumamit nito.

INFO *Alamin ang mga uri ng sunog!*

Hindi lahat ng sunog ay napapatay ng tubig, kaya binibigyan ang mga ito ng klasipikasyon.

A	B	C	D	K
Light Materials Papel, Plastik, Kahoy, Tuyong Dahon	**Flammable Liquids** Gaas, Pintura, Thinner, Pandikit tulad ng Rugby	**Energized Electrical Equipment** Nakasaksak na Appliances at Tools	**Combustible Metals** Sodium, Zinc, Potassium	**Cooking Fuels & Oils** Mantika, LPG

INFO *Paano gumamit ng fire extinguisher*

Pull the pin

Aim at the base of fire

Squeeze the lever

Sweep from side to side

3 Emergency Exit Plan

Mainam ang isang *emergency exit plan* para sa inyong tahanan. Siguraduhing alam ng inyong pamilya, lalo na ang mga bata at may kapansanan, kung paano makalabas ng mabilis sa inyong tahanan.

Sa mga **SIMPLENG** Bagay na ating **KINAKALIGTAAN** Madalas **NAGMUMULA** ang ating **KAPAHAMAKAN!**

Kilalanin ang inyong mga

Kaibigang Bumbero,

BAGUIO CITY FIRE STATION

No. 1, Corner Kayang & Abanao Sts., Baguio City

442-2222
443-7089

HOTLINE: 160

Irisan-Pucay Fire Sub-Station

Irisan, Naguillan Rd, Baguio City

442-4357

Facebook: Baguio City Fire Station
facebook.com/bcfs123

e-mail address: bcfs_cfm@yahoo.com

Bumbero Friend Palagi

Department of the Interior and Local Government
BUREAU OF FIRE PROTECTION

Fire Prevention Month 2016

baguio CITY fire STATION

TEMA:

"Kaalaman at Pag-tutulungan ng Sambayanan, Kaligtasan sa Sunog ay Makakamtan".

Panganib sa Sunog:
Mag bagay na dapat pag-ingatan

Ⓐ Kusina

- HUWAG iwanan ang niluluto!
- Itagong mabuti ang mga posporo at lighter at ilayo sa maaabot ng bata.

- Panatilihing malinis ang kalan, at suriin kung may butas o tagas ang LPG.

- HUWAG buhusan ng tubig ang naliyab na kawali. Takpan ito ng takip o basang tela.

- Tanggalin sa saksakan ang mga *appliances* pagkatapos gamitin.

- Ilayo ang mga aerosol at iba pang kemikal sa kalan habang nagluluto.

Courtesy: www.k12.hi.us

Ⓑ Mga Kwarto at Sala

- Ingatan ang paggamit ng mga extension cord. Iwasang maapakan, madaganan, o masugat ito na maaring maging sanhi ng pag "SPARK" nito.

- HUWAG pilitin gamitin ang bentilador na depektibo o hindi umiikot. Ugaliing linisan at langisan ito.

- Ipaayos kaagad ang mga depektibong appliances.
- Siguraduhing tuyo ang kaldero ng rice cooker bago ito ilagay sa kanyang heater.

- Maging alerto habang gumagamit ng plantsa. Maglaan ng magandang patungan para dito at bunutin agad sa saksakan matapos gamitin.

- Ilagay ang mga kandila sa kanyang *holder* o sa plangganang may kaunting tubig. Patayin ang mga ito bago matulog.

- Panatilihing malinis ang inyong tahanan.
- HUWAG MANINIGARILYO SA HIGAAN!

Ⓒ Bodega at Garahe

- Panatilihing malinis at maayos ang mga gamit sa bodega at garahe.
- Huwag mag-imbak ng mga kemikal na madaling magliyab sa inyong bodega o basement.
  - Gaas/Gasolina
  - Pintura at Thinner
  - Langis na Pangmotor
  - Floor Wax/Liquid Polish
  - Mga Pandikit (Rugby)
  - Mga Produktong may Alkohol

- Ibalot sa plastik ang mga basahan, papel at basurang may langis bago itapon.



- Linisin agad ang natapong gasolina at langis na galing sa sasakyan.
- Isaksak ang mga *power tools* diretso sa *wall socket*. Kung kinakailangan, gumamit lamang ng heavy-duty na extension.

- Panatilihing maganda ang bentilasyon sa iyong garahe upang hindi maipon ang usok at init mula sa sasakyan at *tools*.

INFO *Bakit kailangang bunutin sa saksakan ang mga appliances?*

Mahuhulaan nyo ba kung gaano karaming *appliances* ang nakasaksak sa inyong tahanan ngayon?

Marami sa mga kagamitang nakasaksak ay kumokonsumo ng kuryente kahit hindi ito ginagamit. Umaabot ng sampung (10%) porsiyento ang itinataas ng bill ng kuryente dulot ng appliances na naka-standby. Isipin mo na lang kung magkano ang inyong matitipid kapag binubunot mo ang mga ito sa saksakan.

Sa kabila ng lahat ng *safety features* ng makabagong appliances, hindi pa rin mawawala ang posibilidad ng overheat, na maaaring makadulot ng sunog.

Makakatulong ang bagong smart extension cords na mabibili sa mga *specialty hardware stores*. Awtomatikong pinapatay ng smart extension ang power supply kung walang gumagamit nito.

SOURCE: Office of the BFP Public Information Services, BFP - NHQ